



## 1 | Sumunod.

*Dahil sa pananampalataya, sinunod ni Abraham ang utos ng Diyos na pumunta sa lugar na ipinangako sa kanya. Umalis siya sa bayan niya kahit hindi niya alam kung saan siya pupunta.*

**MGA HEBREO 11:8**

(Basahin din ang **GENESIS 12:1-4**.)

Si Abraham ay isang pagano, subalit bigla siyang tinawag ng Diyos upang iwan ang bayan niya at pumunta sa lupain na ipapakita ng Diyos sa kanya. Kasama ng utos na ito ang isang pangako—*gagawin kong isang tanyag na bansa ang lahi mo. Pagpapalain kita at magiging tanyag ang iyong pangalan. Sa pamamagitan mo, marami ang pagpapalain.* Bagama't matanda na sina Abraham at Sara, at mayroon na sila ng lahat ng kailangan nila para mabuhay, sinunod nila ang utos ng Diyos. May ipinagawa na ba sa iyo ang Diyos na sa simula ay parang walang saysay? Paano ka tumugon? Ano ang nangyari?

---

---

## 2 | Tumingin sa Hinaharap.

*Sapagkat ang talagang inaasahan ni Abraham ay isang lungsod na may matibay na pundasyon, na ang Diyos mismo ang nagplano at nagtayo.* **MGA HEBREO 11:10**

Si Abraham, si Sara, at ang buo nilang kasambahay, ay nagpunta sa lugar na sinabi ng Diyos. Sa buong aklat ng Genesis, makikita na si Abraham ay walang ganap na katiyakan kung saan ba talaga siya mapupunta, subalit patuloy siyang sumunod sa Diyos. Nakatuon ang pansin Niya sa katuparan ng isang tila imposibleng pangako—ang pagkakaroon ng anak at bayan *na ang Diyos mismo ang nagplano at nagtayo.* Iniwan niya ang lahat ng pamilyar at maginhawa para sa kanya dahil pinanghawakan niya ang salita ng Diyos at umasa na magkakaroon siya ng mas mabuting kinabukasan sa piling Niya. Ano ang sinasabi ng Mga Taga-Roma 5:5 tungkol sa pag-asa sa Diyos?

---

---

## 3 | Isaalang-alang ang Katapatan ng Diyos.

*Dahil sa pananampalataya, nagkaanak si Abraham kahit na matanda na siya at baog ang asawa niyang si Sara, dahil naniwala si Abraham na tutuparin ng Diyos ang pangako niya na magkakaanak si Sara.* **MGA HEBREO 11:11**

Si Sara ay baog. Siya at si Abraham ay masyado nang matanda. Siguradong hindi na sila magkakaroon ng anak. Hindi rin buo ang pananampalataya nila sa Diyos. Sa katunayan, may isang pagkakataon na nawalan sila ng pasensiya at sinubukan nilang "tulungan" ang Diyos na tuparin ang Kanyang pangako. Subalit ang Diyos ay may ibang pamamaraan at walang imposible o mahirap para sa Kanya. (Genesis 18:14). Tayo ay tumitingin sa pangako ng Diyos at sinusubukang isakatuparan ito gamit ang sarili nating pang-unawa at kakayahan. Subalit ang pananampalataya ay tumitingin sa imposibleng pangako ng Diyos nang may pagsasaalang-alang sa kakayahan Niya na tuparin ito. Paano nakita ang katotohanang ito sa buhay mo?

---

---

## APPLICATION

- Nagtiwala ka na ba kay Jesu-Cristo bilang Panginoon at Tagapagligtas mo? Gusto mo ba itong gawin ngayon at tanggapin ang buhay na walang hanggan na ibinibigay Niya sa iyo?
- Ano ang mga pangako mula sa Diyos na itinuturing mong imposible? Ano ang dalawang bagay na maaari mong gawin ngayong linggo upang tumugon nang may pananampalataya sa mga pangakong ito?
- Kailan ka huling humiling sa Diyos para sa isang bagay na imposible? Isipin ang isang bagay na ipinanalangin mo noon, subalit huminto ka na sa paghiling sa Diyos para dito. Paano mo maituturing ang Diyos bilang ang tanging kasagutan sa bagay na ito?